



## MENSAHE NG SUPERINTENDENTE

---

**Marso 2021**

Sa Banning Unified School District, misyon naming maging isang diverse na komunidad na nakikipagkolaborasyon para bumuo ng mga responsable, magagalang, at nakahandang mag-aaral upang makamit ang kanilang buong potensyal. Para mangyari ito, nakatuon kami sa maraming prinsipyong pampangkat, kabilang ang:

- Pagtutulungan at kolaborasyon
- Personal na akawntabilidad
- Pagbuo ng tiwala
- Paghahatid ng mga resulta
- Komunikasyon
- Pagpapalano at pag-aayos
- Madiskarteng pag-iisip

Bukod pa rito, naglatag kami ng ilang mahahalagang layunin para sa ating distrito:

1. Pabilisin ang Pagkamit ng Mag-aaral
2. Gumawa at Magpanatili ng mga Sistema sa Pamamahalang Pang-organisasyon
3. Pataasin ang Pakikipag-ugnayan ng Magulang at Komunidad
4. Magpatupad ng isang Malinaw na Tinukoy at Hindi Pabago-bagong Sistema sa Pamamahala ng mga Yamang Tao
5. Panatilihin ang Piskal na Pananagutan at Pangmatagalang Pinansyal na Biyabilidad
6. Panatilihin at Pag-ibayuhin ang mga Produktibong Relasyon sa Lupon ng mga Katiwala
7. Magpamalas ng Pamumunong Nakabatay sa Prinsipyo, Makatarungan, at Etikal

Ang mga layunin at prinsipyong ito ang nagtutulak sa aming trabaho habang pinagsisikapan naming patuloy na magpabuti at siguraduhing natutugunan namin ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral na pumapasok sa aming mga paaralan.

### **ANG AMING MGA PLANO PARA SA MULING PAGBUBUKAS NG MGA PAARALAN**

Habang ipinagpapatuloy namin ang aming pagpapalano na may kaugnayan sa muling pagbubukas ng aming mga paaralan, ginagawa namin ito nang may tuon sa paggawa ng mga pinakamainam na desisyon para sa ating buong komunidad ng distrito. Nagtatrabaho kami sa maraming iba't ibang protokol sa kalusugan at kaligtasan na nakabatay sa ebidensya habang ginagawang makabago ang aming mga campus upang matiyak ang maayos na bentilasyon ng hangin at pagsala ng tubig/hangin.

Sa panahong ito, plano naming magbukas gamit ang isang estratehiya kung saan sama-samang pinapangkat ang mga mag-aaral sa maliliit na "pod." Magsisimula kami sa aming mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan, na magbibigay ng hybrid na modelo na pinagsasama ang virtual at in-person na pag-aaral. Umaasa kaming maipatupad ang modelong ito sa tag-araw.

Bukod pa rito, nalulugod kaming ibahagi na nagsimula na ang sports conditioning at ang mga oportunidad ng COVID-19 testing para sa mga mag-aaral ay itinatag na para sa mga atleta. Nakikipagtulungan kami sa SoCal Emergency Medicine Urgent Care Center/Yucaipa Urgent Care sa mahalagang pagsusumikap na ito.

## **MGA PAGBISITA SA VIRTUAL NA KLASE**

Nakakumpleto ako kamakailan ng higit sa 20 pagbisita sa virtual na klase kasama ang ating mga punong-guro. Lubos akong napahanga sa lebel ng pagkamalikhain at pagtutok na ipinapamalas ng ating mga guro. Nakikipag-ugnayan sila sa ating mga mag-aaral sa iba't ibang paraan sa isang sitwasyon na malayo sa nakasanayan. Sa mga pagbisitang ito, ilan lang sa mga nasaksihan ko ay ang pagkanta, kritikal na pag-iisip, pagsayaw, pag-eehersisyo, at pagkalkula. Ikinalulugod ko ang oportunidad na makitang kumikolos ang ating mga mag-aaral at kawani!

## **KALUSUGAN AT KABUTIHANG PANGKAISIPAN**

Bilang isang distrito ng paaralan, patuloy naming ginawang pangunahing priyoridad ang kalusugan at kabutihang pangkaisipan. Iniimbihan namin ang aming mga pamilya at kawani na makibahagi sa aming Serye sa Kaligtasan, Kalusugang Pangkaisipan, at Kabutihan para sa mga Kawani at Mag-aaral. Tinatalakay ng mga virtual event na ito ang mga paksa tulad ng wellness, mindfulness, pagharap sa kalungkutan, at depression at anxiety. Ang mga paksang ito ay talagang naaangkop sa mahirap na panahong ito sa ating komunidad.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga event, bisitahin ang <https://www.banning.k12.ca.us/Virtual-Learning-Information/index.html>.

## **MGA UPDATE NG LUPON NG PAARALAN**

Ang susunod na pulong ng Lupon ng Paaralan ng BUSD ay sa Miyerkules, Marso 31, sa ganap na 4:30 ng hapon. Virtual na isasagawa ang pulong. Iniimbihan ang mga miyembro ng komunidad na dumalo sa pamamagitan ng pagbisita sa link na ito: <https://banning-k12-ca-us.zoom.us/j/89914336939?pwd=bWZtNFpoY0RyS0dRRU1BekVHaVd6UT09>.

Nasa ibaba ang ilang update mula sa pulong ng lupon noong Pebrero:

- Kinilala ng lupon ang mga sumusunod na mag-aaral at kawani: ang mag-aaral na si Darla Orocco mula sa Hoffer Elementary School; si Mr. Brian Davis, isang klasipikadong miyembro ng kawani sa departamento ng Teknolohiya; si Mrs. Joanna Soto, isang sertipikadong miyembro ng kawani mula sa Banning High School; at si Lance Sanchez, ehekutibong direktor bilang lider ng komunidad na kumakatawan sa Carol's Kitchen. Ang ating mga kapuri-puring pinarangalan ay mahalaga at integral na bahagi ng komunidad ng BUSD.
- Ni-review at tinalakay ng lupon ang [Planong Pangkaligtasan sa COVID-19 at Muling Pagbubukas ng Paaralan](#) ng distrito.
- Inanunsyo si [Mr. Craig Pulsipher](#) bilang susunod na direktor ng mga serbisyong pangnutrisyon ng distrito. Iginugol niya ang huling 10 taon ng kanyang karera bilang isang direktor ng mga serbisyong pangnutrisyon, rehistradong dietician, tagapamahala ng edukasyong pangkalusugan, at nutritionist para sa Moreno Valley Unified School District, isang distrito ng paaralan na may mahigit 30,000 mag-aaral na naghahain ng 82,000 pagkain kada linggo. Nagkamit si Mr. Pulsipher ng Batsilyer sa Agham ng Nutrisyon at Pagkain (Nutrition and Food Sciences) mula sa California State University, San Bernardino, at Master's sa Pagkilos ng Tao (Human Movement) mula sa A.T. Still University na dalubhasa sa osteopatikong medisina - isang pambuong tao na pamamaraan sa medisina.

Para sa isang buong update sa pulong ng lupon at ibang impormasyong may kaugnayan sa lupon, bisitahin ang <https://www.banning.k12.ca.us/School-Board/>.

---

## MAHAHALAGANG PETA SA AT IMPORMASYON

May pambuong distritong mailer na darating sa mga mailbox ng aming mga residente simula ngayong linggo. Maging alerto sa mahalagang impormasyong may kaugnayan sa aming mga plano sa muling pagbubukas at iba pang update.

Kasama ang mga sumusunod sa ilang mahahalagang petsa na dapat tandaan:

- Virtual District Parent Advisory Committee Meeting  
*Lunes, Marso 8 sa ganap na 6:00 ng hapon. Mag-click [DITO](#)*
- Mga Oras at Lokasyon ng Serbisyo ng Pagkain, *Mag-click [DITO](#)*
- Bukas na Enrollment, *Mag-click [DITO](#)*

***“Maging ikaw ang pagbabago na nais mong makita sa mundo.”  
Ni Mahatma Gandhi***

---